



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**

**SAMBUHAY**



SUNDAY • TV MARIA • 8:30AM • 7:00PM  
LIVE DAILY WORKERS' MASS ONLINE • 6:15AM  
FOLLOW US ON FACEBOOK • YouTube



Taon 34 Blg. 52

Linggo ng Palaspas / Linggo ng Alay Kapwa (B) — Pula

Marso 28, 2021

# PALASPAS

Cl. Vinz Anthony Aurellano, SSP



I. ANG PAGGUNITA SA PAGPASOK NG PANGINOON SA JERUSALEM



**Taludtod (Mt. 21:9)**

*(Basahin kung walang pambungad na awit.)*

**Osana ang aming awit, Dakilang Anak ni David. Sa ngalan ng D'yos sa langit pagpapala ang pagsapit ng pagtubos sa daigdig.**

**Pagbati**

*(Gawin dito ang tanda ng krus.)*

**P** - Sumainyo ang Panginoon.

**B** - At sumaiyo rin.

**Pambungad na Paliwanag**

**P** - Mga minamahal na kapatid, limang linggo na tayong naghahanda para sa pagdiriwang ng Misteryo ng Pagpapakasakit, Pagkamatay at Muling Pagkabuhay ng Panginoon. Sinikap nating unawain at tuparin ang ating pananagutan sa Diyos at sa kapwa tao alinsunod sa aral at halimbawa ni Hesukristo. Kaisa ng buong Simbahan, sinisimulan natin ngayon ang mga Mahal na Araw. Si Kristo ay matagumpay na pumasok sa kanyang lungsod upang tuparin ang kanyang gawain bilang Mesiyas: ang magpakasakit, mamatay, at muling mabuhay para sa ating kaligtasan. Taimtim nating sariwain sa alaala ang kanyang pag-aalay ng sarili para sa kapwa at sundan natin siya nang may búhay na pananampalataya. Kaisa niya sa pagdurusa sa krus, tayo nawa ay makahati sa kanyang pananaig sa kamatayan at sa kanyang bagong buhay.

**Panalangin**

**P** - Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ang mga palaspas na ito ay iyong pagpalain (†) at pabanalin upang sa masaya naming pagbubunyi sa Mesiyas na aming Hari siya'y aming masundan at sa pamamagitan niya'y aming sapitin ang hindi magmamaliw na lungsod ng Jerusalem na kanyang pinaghaharian kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

Iwinawagayway ngayon ng bayan ng Diyos ang mga palaspas. Tulad ng mga taong sumusunod noon kay Hesus sa kanyang pagpasok sa Jerusalem, magkatulad ang ating awit ngayon: “Hosanna sa Anak ni David, pinagpala ang dumarating sa ngalan ng Panginoon, Hosanna sa kaitaasan” (Slm 118). May dalawang pakahulugan ang awit na ito. Una, isang awit ng pagbabasbas ng mga Israelitang manlalankabay ito. Ikalawa, ito din ang naging pagpapahayag at awit ng mga taga-sunod ni Hesus na totoo't kapiling na nila ang Mesiyas na matagal na nilang hinihintay.

Hudyat ang Linggo ng Palaspas o Linggo ng Pagpapakasakit ng mas malalim na pagninilay at Misteryo Paskwal ni Hesus. Ang mga Mahal na Araw ang pinakarurok ng ating liturhiya at ruok din ng pagpapahayag ng ating pananampalataya. Sa Linggong ito iunat ng Diyos ang kanyang kamay sa Krus, mahahayag na ang ating katubusan!

Sa krus at pagpapakasakit, tuluyang ibababa, huhubarin, at ilulublob ni Hesus ang kanyang pagka-Diyos upang iahon tayo sa kasalanan. Sa krus at pagpapakasakit, bibigyang kahulugan ni Hesus ang walang-hanggang pag-ibig ng Ama sa kanyang sangnilikha. Sa kanyang muling pagkabuhay, bibigyang niyang kaganapan ang kanyang mga pangako noong una. Sa Linggong ito pagkamatay ni Hesus sa krus, bubuksan niya ang langit at doo'y unang isasama si

Dimas, ang magnanakaw kung saan unang ipinangako ng Diyos ang paraiso. Bibigyang pag-asa at aliw ang mga sumasampalataya at naglalakabay pa sa mundong ibabaw hanggang maging ganap ito sa kanyang muling pagdating sa wakas ng panahon.

Mga kapatid, samahan nawa natin si Hesus sa kanyang pagtawid sa Krus tungo sa kanyang pagkabuhay. Gumawa ng panibagong yugto ang Amang may akda ng lahat sa kabila ng ating pagkakasala: ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak na si Hesus, upang maiangat tayong muli sa buhay sa piling niya. Samahan natin si Hesus!

Tulad ng mga palaspas na ating iwinawagayway, punong-puno tayo ng buhay at sigla noong una. Darating ang mga araw na matutuyot, maalikabukan, susununugin ang mga palaspas at maabo. Gayundin naman sa ating pag-iral. May mga pagkakataong masigla tayo ngunit may mga pagkakataon ring matutuyot, maaalikabukan, at mababahiran ng kasalanan, maabo o maglalaho tayo sa pagdanas natin sa araw-araw na “kamatayan.” Ngunit hindi sa pagiging abo lamang natatapos ang isang palaspas. Kinukrus ito sa ating mga bumbunan at noo. Isang paalala na bagamat masigla, tuyot, maalikabok at naabo ang buhay, nagiging makabuluhan ito kung sinasamahan natin lagi si Hesus. Papurihan natin ang anak ni David sapagkat sa pamamagitan ng kanyang krus, iniligtas niya ang mundo.

(*Tahimik na wiwiskan ng pari ng banal na tubig ang mga palaspas.*)

## Mabuting Balita (Mc 11:1–10)

**P** - Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos  
**B** - **Papuri sa iyo, Panginoon.**

MALAPIT na sina Hesus sa Jerusalem—nasa gulod ng Bundok ng mga Olibo—at natatanaw na ang mga bayan ng Betfage at Betania. Pinauna ni Hesus ang dalawa sa mga alagad, at sinabi sa kanila, “Pumunta kayo sa susunod na nayon. Sa pagpasok doo’y makikita ninyong nakatali ang isang bisirong asno na hindi pa nasasakyan ninuman. Kalagin ninyo at dalhin dito. Kapag may nagtanong kung bakit ninyo kinakalag iyon, sabihin ninyong kailangan ito ng Panginoon, at ibabalik din agad dito.” Kaya’t lumakad na sila, at natagpuan nga nila ang asno sa tabi ng daan, nakatali sa may pintuan ng isang bahay. Nang kinakalag na nila ang hayop, tinanong sila ng ilan sa mga nakatayo roon, “Bakit ninyo kinakalag iyan?” Sumagot sila gaya ng bilin sa kanila ni Hesus, at hinayaan silang umalis. Dinala nila kay Hesus ang bisirong asno, at matapos isapin sa likod nito ang kanilang mga balabal, ito’y sinakyan ni Hesus. Maraming naglatag ng kanilang mga balabal sa daan; ang iba nama’y pumutol ng madahong sanga ng kahoy at siyang inilatag sa daan. Ang mga tao sa unahan at hulihan niya’y sumisigaw ng: “Hosanna! Pagpalain ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Pagpalain nawa ang kaharian ng ating amang si David, na muling itinatatag! Purihin ang Panginoon!”

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B** - **Pinupuri ka namin Panginoong Hesuskristo.**

(*Maaaring magbigay ng maikling homilya o paliwanag ang pari o diyakono.*)

## Prusiyon Patungo sa Simbahan

**P** - Mga minamahal na kapatid, tularan natin ang mga taong nagpuri kay Hesus sa Jerusalem. Halinang magprusisyon sa kanyang karangalan taglay ang kapayapaan.

## II. PAGDIRIWANG NG BANAL NA MISA

(*Matapos ang lahat, tutungo ang pari sa altar. Matapos niyang hubarin ang kapa at isuot ang pulang kasulya, magsisimula siya kaagad sa panalanging pambungad.*)

### Pambungad na Panalangin

**P** - Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, ginawa mong halimbawang dapat tularan ang Tagapagligtas naming naging di iba sa amin para ang krus namin ay akuin. Pagindapatin mong sa mga pagdiriwang ay aming kamtin ang kanyang ulirang pagkamatiisin at ang pakikisalo sa pagkabuhay niyang maningning sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa (Is 50:4–7) (Umupo)**

*Ipinahahayag ni propeta Isaias ang ganap na pagtitiwala at katapatan ng Lingkod sa Panginoong Diyos sa gitna ng mga pag-uusig at paghihirap. Sinasagisag ng Lingkod na ito ang Panginoong Hesus na magpapalaya sa bayan ng Diyos.*

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias**

ANG MAKAPANGYARIHANG Panginoon ang nagturo sa akin ng sasabihin ko, para tulungan ang mahihina. Tuwing umaga’y kanyang binubuksan ang aking pandinig. Nananabik akong malaman kung ano ang ituturo niya sa akin. Binigyan niya ako ng pang-unawa, hindi ako naghimagsik ni tumalikod sa kanya. Hindi ako tumutol nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang ako’y kanilang insultuhin. Pinabayaan ko silang bunutin ang buhok ko’t balbas, gayon din nang lurhan nila ako sa mukha. Ang mga pagdustang ginawa nila’y di ko pinapansin, pagkat ang Makapangyarihang Panginoon ang tumutulong sa akin. Handa akong magtiis na sampaling parang bato pagkat aking batid na ang sarili ko’y di mapapahiya.

— Ang Salita ng Diyos.

**B** - **Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan (Slm 21)**

**T** - **D’yos ko! D’yos ko! Bakit naman ako’y’yong pinabayaan.**

Cm Fm Cm  
D'yos ko! D'yos ko! Ba-Kit  
4 Ab Cm Bbm  
naman a-ko'y'yong pi-na-ba-  
7 Fm G7 Cm  
- ya - an.

1. Bawat taong makakita’y umiiling, nanunuko, / palibak na nagtatawa’t sinasabi ang ganito: / “Nagtiwala siya sa Diyos, ngunit hindi siya pansin, / kung talagang minamahal, bakit hindi intindihiin?” (T)

2. May pangkat ng mga buhong na sa aki’y pumaligid, / para akong nasa gitna niyong asong mababangis, / mga kamay ko at paa’y butas sa pakong matulis / ang buto ng katawan ko ay mabibilang sa masid. (T)

3. Pinaghati-hati nila ang damit ko sa katawan, / ang hinubad na tuni-ka’y dinaan sa sapalaran. / H’wag mo akong ulilahn, h’wag talikdan, Panginoon, / O aking Tagapagligtas, bilisan mo ang pagtulong. (T)

4. Ang lahat ng ginawa mo’y ihahayag ko sa lahat, / sa gitna ng kapulunga’y pupurihin kitang ganap. / Purihin ang Panginoon ng lahat ng kanyang lingkod, / siya’y inyong dakilain, kayong angkan ni Jacob; / ikaw bayan ng Israel ay sumamba at maglingkod. (T)

**Ikalawang Pagbasa (Fil 2:6–11)**

*Nagpakababa si Hesus bilang tao at tinanggap ang kamatayan sa krus ngunit tinanghal din naman siyang Panginoon ng langit at lupa dahil sa kanyang muling pagkabuhay.*

**Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos**

SI KRISTO HESUS bagamat siya’y Diyos ay hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus. Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa’t ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipapahayag ng lahat

na si Hesukristo ang Panginoon, sa ikararantal ng Diyos Ama.

— Ang Salita ng Diyos.

**B - Salamat sa Diyos.**

**Awit-Pambungad [Fil 2:8-9] (Tumayo)**

**B - Masunuring Kristo Hesus nag-hain ng buhay sa krus, kaya't dina-kila ng Diyos at binigyan ng ngalang tampok sa langit at sansinukob.**

**Mabuting Balita (Mc 15:1-39)**

*(Ang pagpapakasakit ng Panginoon ay ipahahayag nang walang nakapaligid na kandila at pag-iinsenso, wala ring pagbati at pagkukrus.)*

(**H**-Hesus; **T**-Tagapagsalaysay; **P**-Pilato; **I**-Isang Tagapagsalaysay **B**-Bayan)

**P** - Ang Pagpapakasakit ng ating Panginoong Hesukristo ayon kay San Marcos.

**T** - Kinaumagahan, nagpulong agad ang mga punong saserdote, ang matatanda ng bayan, ang mga eskriba, at ang iba pang bumubuo ng Sanedrin. Ipinagapos nila si Hesus, at dinala kay Pilato. Tinanong ni Pilato si Hesus:

**P** - "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"

**H** - "Kayo na ang nagsasabi."

**T** - Nagharap ng maraming sumbong ang mga punong saserdote laban kay Hesus, kaya't siya'y muling tinanong ni Pilato: **P** - "Wala ka bang isasagot? Narinig mo ang dami ng kanilang sumbong laban sa iyo."

**T** - Ngunit hindi na tumugon pa si Hesus, kaya't nagtaka si Pilato.

Tuwing Pista ng Paskuwa ay nagpapalaya si Pilato ng isang bilango—sinuman ang hilingin sa kanya ng taong-bayan. Nakabilango noon ang isang lalaking nagngalangang Barrabas, kasama ng ibang naghimagsik at nakamatay nang nagdaang himagsikan. Lumapit ang mga tao at hiniling kay Pilato na isagawa na ang kanyang kinaugaliang pagpapalaya ng isang bilango. Kaya't tinanong sila ni Pilato:

**P** - "Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?"

**T** - Alam ni Pilato na inggit ang nag-udyok sa mga punong saserdote na dalhin sa kanya si Hesus. Ngunit ang mga tao'y sinulsulan ng mga punong saserdote na si Barrabas ang hilinging palayain. Tinanong silang muli ni Pilato:

**P** - "Kung gayon, ano ang gagawin ko sa taong ito na tinatawag ninyong Hari ng mga Judio?"

**B - "IPAKO SA KRUS!"**

**P** - "Bakit, ano ba ang kasalanan niya?"

**T** - Ngunit lalo pang sumigaw ang mga tao:

**B - "IPAKO SA KRUS!"**

**T** - Sa paghahangad ni Pilato na pagbigyan ang mga tao, pinalaya niya si Barrabas. Si Hesus ay kanyang ipinahagupit at ibinigay sa kanila upang ipako sa krus.

Dinala ng mga kawal si Hesus sa pretoryo, ang tirahan ng gobernador, at kanilang tinipon ang buong batalyon. Sinuutan nila si Hesus ng isang balabal na purpura. Kumuha sila ng halamang matinik, ginawang korona at ipinutong sa kanya. At sila'y patuyang nagpugay at bumati sa kanya:

**B - "MABUHAY ANG HARI NG MGA JUDIO!"**

**T** - Siya'y pinaghahampas nila ng tambo sa ulo, pinaglulurhan, at palibak na niluhud-luhuran. At matapos kutyain, siya'y inalisang nila ng balabal, sinuutan ng sariling damit, at inilabas upang ipako sa krus.

Nasalubong nila ang isang lalaking galing sa bukid, si Simon na taga-Cirene, ama nina Alejandro at Rufo. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Hesus. At kanilang dinala si Hesus sa lugar na kung tawagi'y Golgota—ibig sabih'y "Pook ng Bungo."

Binigyan nila siya ng alak na may kahalang mira, ngunit hindi niya ininom. Ipinako siya sa krus, at nagsapalaran sila upang malaman kung alin sa kanyang mga damit ang mapupunta sa bawat isa. Ikasiyam ng umaga nang ipako nila sa krus si Hesus. Sa itaas ng krus isinulat ang sakdal laban sa kanya, "Ang Hari ng mga Judio." Dalawang tulisan ang kasabay niyang ipinako sa krus—isa sa kanan niya at isa sa kaliwa. Sa gayo'y natupad ang nasasaad sa Kasulatan: "Ibinilang siya sa mga salarin."

Nilibak siya ng mga nagdaraan, na tatangu-tangong nagsabi:

**B - "DI BA IKAW ANG GIGIBA NG TEMPLO AT MULING MAGTATAYO NITO SA LOOB NG TATLONG ARAW? ILIGTAS MO NGAYON ANG IYONG SARILI! BUMABA KA SA KRUS!"**

**T** - Kinutya rin siya ng mga punong saserdote at ng mga eskriba, at ang sabi sa isa't isa:

**B - "INILIGTAS NIYA ANG IBA, NGUNIT DI MAILIGTAS ANG SARILI! MAKITA LANG NATING**

**BUMABA SA KRUS ANG MESIYAS NA IYAN NA HARI NG ISRAEL—MANINIWALATAYO SA KANYA."**

**T** - Inalipusta din si Hesus ng mga nakapakong kasama niya.

At nagdilim sa buong lupain mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon. Nang mag-iikatlo ng hapon, si Hesus ay sumigaw:

**H** - "Eloi, Eloi, lema sabachthani?" "Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan?"

**T** - Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon, at kanilang sinabi:

**B - "PAKINGGAN NINYO, TINATAWAG NIYA SI ELIAS!"**

**T** - May tumakbo at kumuha ng espongha; ito'y binasa ng maasim na alak, at pagkatapos ay inilagay sa dulo ng isang tambo at ipinasipsip kay Hesus. Sabi niya:

**I** - "Tingnan nga natin kung darating si Elias upang ibaba siya."

**T** - Sumigaw nang malakas si Hesus at nalagutan ng hininga.

*(Dito luluhod ang lahat at sandaling mananahimik.)*

**T** - Biglang nawasak sa gitna ang tabing ng templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba. Nakatayo sa harap ng krus ang isang kapitan ng mga kawal at kanyang nakita kung paano namatay si Hesus kaya't sinabi niya:

**I** - "Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito!"

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B - Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

**Homiliya (Umupo)**

**Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)**

**B - Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na**



**muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

### **Panalangin ng Bayan**

**P** - Niloob ng Diyos Amang maligtas ang lahat ng tao sa pamamagitan ng pagpapakasakit, pagkamatay, at muling pagkabuhay ng kanyang Anak na si Hesukristo. Dumalangin tayo sa Ama:

**T - Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Kristo, Ama, dinggin mo kami.**

**L** - Matularan nawa ng mga pinuno ng ating Simbahan at pamahalaan si Hesus na taos-pusong naglingkod at nag-alay ng buhay pata sa lahat. Manalangin tayo: **(T)**

**L** - Makaranas nawa ng mapagmahal na habag ng Tagapagligtas ang mga napalayo na sa Diyos dahil sa kanilang kasalanan. Manalangin tayo: **(T)**

**L** - Makapagnilay nawa nang mabuti sa pagpapakasakit ni Hesus ang mga taong may duda sa kanilang pananampalataya. Manalangin tayo: **(T)**

**L** - Maunawaan nawa ng mga maysakit at may pasaning dala na hindi sila kinakalimutan at iniwan ng Diyos. Manalangin tayo: **(T)**

**L** - Tangkilikin nawa namin ang programang *Alay Kapwa* tungo sa pagtataguyod ng katarungan sa lipunan at para matugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap. Manalangin tayo: **(T)**

**L** - Tumanglaw nawa ang liwanag na walang hanggan sa mga namayapa. Manalangin tayo: **(T)**

**P** - Ama dinggin mo ang mga pagsusumamo ng iyong bayan. Lumago nawa kami sa pananampalataya at pagtitiyaga sa gitna ng mga hapis ng buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

**B - Amen.**

### **PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN**



**P** - Manalangin kayo...

**B - Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P** - Ama naming Lumikha, pakundangan sa pagpapakasakit ng iyong Bugtong na Anak sumamin nawa ang iyong pagpaunlak na di makakamit ng tanang aming pagganap kundi ng paghahaing minsan lamang para sa lahat na mula sa iyo'y pinakikinabangan namin at tinatanggap sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B - Amen.**

### **Prepasyo (Linggo ng Palaspas)**

**P** - Sumainyo ang Panginoon.

**B - At sumaiyo rin.**

**P** - Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

**B - Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P** - Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

**B - Marapat na siya ay pasalamat.**

**P** - Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Wala siyang kasalanan ngunit inaring salarin sa pagmamalasakit niyang kami'y palayain sa kamatayang kinasuungan namin kaya't namatay siya upang kami'y buhayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B - Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)**

**Pagbubunyi (Tumayo)**

**B - Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!**

### **PAKIKINABANG**

**Ama Namin**

**B - Ama namin...**

**P** - Hinihiling naming...

**B - Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)**

**P** - Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B - Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona sa Komunyong (Mt 26:42)**

**Ama ko sa kalangitan, kung di mo mapapayagang kalis ay di ko inuman, sundin ang 'yong kaloobang ako'y maghain ng buhay.**

**Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)**

**P** - Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang, kami'y iyong pinalingong may pag-asa sa aming sinasampalatayanan pakundangan sa pagkamatay ng iyong Anak. Gawin mong kami'y makarating sa aming paroroonan pakundangan sa kanyang muling pagkabuhay bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B - Amen.**

### **PAGTATAPOS**

**P** - Sumainyo ang Panginoon.

**B - At sumaiyo rin.**

**Pagbabasbas**

**P** - Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ang Diyos Amang maawain na nagkaloob sa inyo ng Anak niyang nagpakasakit bilang huwaran ng pag-ibig ay siya nawang magbasbas sa inyong lahat pakundangan sa paglilingkod ninyo sa kanya at sa kapwa ngayon at magpasawalang hanggan.

**B - Amen.**

**P** - Pakundangan sa kanyang kamatayan upang kayo'y huwag dumanas ng walang katapusang pagkamatay makamtan nawa ninyo ang buhay na walang hanggan.

**B - Amen.**

**P** - Pakundangan sa pagpakumbaba niya para sa inyong kapakanan kayo nawa'y makasalo sa kanyang muling pagkabuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

**B - Amen.**

**P** - Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

**Pangwakas**

**P** - Tapos na ang banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan ni Kristo.

**B - Salamat sa Diyos.**